# PINAG-ISANG DISTRITO NG PAARALAN NG LOS ANGELES

# PAHAYAG NG WALANG DISKRIMINASYON

Ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (Los Angeles Unified School District) ay nakatuon sa pagbibigay ng isang kapaligiran sa pagtatrabaho at pag-aaral na walang diskriminasyon, panggigipit o panliligalig (harassment), pananakot, abusadong pag-uugali, o pambubully. Ipinagbabawal ng Distrito ang diskriminasyon, panggigipit o panliligalig (harassment), pananakot, abusadong pag-uugali o pambubully batay sa aktwal o kinikilalang (perceived) lahi o etnisidad, kasarian/sex (kabilang ang katauhang pangkasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagdadalang-tao, panganganak, katayuan sa pagpapasuso/paglabas ng gatas at mga kaugnay na kondisyong medikal), oryentasyong sekswal, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang mga paghihigpit sa paggamit ng wika at pagkakaroon ng lisensya sa pagmamaneho na ibinigay sa ilalim ng Kodigo para sa Sasakyan o Vehicle Code), angkang pinagmulan, katayuan sa imigrasyon, kapansanan sa pisikal o pag-iisip (kabilang ang clinical depression at bipolar disorder, HIV/AIDS, hepatitis, epilepsy, seizure disorder, diabetes, multiple sclerosis, at sakit sa puso), kondisyong medikal (may kaugnayan sa kanser at mga henetikong katangian), katayuang militar at beterano, katayuan sa pag-aasawa (marital status), katayuan sa pagkakaroon ng rehistradong kinakasama (registered domestic partner status), edad (40 pataas), henetikong impormasyon, paniniwala o kaalyado sa pulitika (maliban kung may kaugnayan sa unyon), pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga aktuwal o kinikilalang katangiang ito, o anumang iba pang batayan na protektado ng pederal, estado o lokal na batas, ordinansa, o regulasyon sa anumang programa o aktibidad na isinasagawa o binibigyan nito ng malaking tulong,o pakikisapi sa Boy Scouts of America at iba pang mga itinalagang grupo ng kabataan o anumang iba pang batayang protektado ng batas o regulasyon, sa (mga) programang pang-edukasyon o trabaho nito.

Ang diskriminasyon ay ibang pakikitungo batay sa isang protektadong katangian sa konteksto ng isang programang pang-edukasyon, trabaho o aktibidad na walang lehitimong, walang diskriminasyong dahilan na humahadlang o naglilimita sa kakayahan ng indibidwal na makasama o makinabang mula sa mga serbisyo, aktibidad, o pribilehiyong ibinibigay ng Distrito o may kasamang aksyong negatibo na nakaaapekto sa pagtatrabaho (adverse employment action).

Nangyayari ang panggigipit o panliligalig sa di-kaayaayang kapaligiran (hostile environment harassment) kapag ang isang target ay nakaranas ng hindi kanais-nais na pag-uugali batay sa isang protektadong katangian, na parehong nakakasakit sa target at magiging nakakasakit sa isang matinong tao na may mga protektadong katangian sa gayunding kalagayan at sapat na malubha, nagpapatuloy, o laganap na humahadlang o naglilimita sa kakayahan ng isang indibidwal na epektibong magtrabaho o makilahok sa o makinabang mula sa mga serbisyo, aktibidad o oportunidad na ibinibigay ng Distrito. Maraming uri ng panggigipit o panliligalig (harassment), kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, berbal na pananalita at pang-iinsulto (name-calling), biswal at nakasulat na mga pahayag, o anumang pag-uugali na maaaring nagbabanta o nanghihiya. Ang panggigipit o panliligalig (harassment) batay sa alinman sa mga nabanggit na protektadong kategorya ay isang uri ng ilegal na diskriminasyon at hindi pahihintulutan ng Distrito at maaaring magresulta sa pagdidisiplina laban sa lumalabag na estudyante o empleyado.

Kapag nasaksihan ang isang diskriminasyon, panggigipit o panliligalig (harassment), pananakot, abusadong pag-uugali, o pambubully batay sa aktwal o kinikilalang protektadong mga katangian, ang mga tauhan ng paaralan ay kinakailangang gumawa ng mga agarang hakbang upang mamagitan kapag ligtas na gawin ito. Kapag ang isang paaralan/opisina ay may aktwal na abiso o dahilan para malaman ang naturang pag-uugali, kung ito ay ikinilos man ng mga empleyado, estudyante o mga ikatlong partido, dapat itong gumawa ng agaran at naaangkop na mga hakbang upang mag-imbestiga o kung hindi man ay matukoy kung ano ang nangyari at gumawa ng maagap at epektibong mga hakbang na makatwirang sinuri upang wakasan ang pag-uugali, alisin ang isang di-kaayaayang kapaligiran, kung may nalikha man at pigilang maulit ang pag-uugali. Dapat gawin ang mga hakbang na ito nagreklamo man ang indibidwal o humiling sa paaralan/opisina na kumilos. Protektado ang mga nagrereklamo laban sa paghihiganti. Ipinagbabawal ng Distrito ang paghihiganti laban sa sinumang tao na nagsampa ng reklamo o apela, nag-report ng mga insidente ng hindi pagsunod, diskriminasyon, panggigipit o panliligalig (harassment), pananakot, abusadong pag-uugali o pambubully, o kung sino ang nakibahagi sa proseso ng paghain ng reklamo o pagsisiyasat. Ang patakarang ito ng walang diskriminasyon ay sumasaklaw sa lahat ng gawaing may kaugnayan sa aktibidad sa paaralan o pagpasok sa paaralan sa loob ng anumang paaralan/opisina sa ilalim ng hurisdiksyon ng Superintendente ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (Los Angeles Unified School District).

**Para sa mga katanungan o reklamo na may kaugnayan sa diskriminasyon, panggigipit o panliligalig (harassment), pananakot, o pambubully sa mga estudyante batay sa aktwal o kinikilalang mga protektadong katangian, makipag-ugnayan sa administrador ng iyong paaralan, Titulo IX/Tagapamahala ng Reklamo laban sa Pambubully (Bullying Complaint Manager) o:**

**Binh Nguyen, Seksyon 504 ng Distrito & Titulo IX Tagapag-ugnay/Opisyal para sa Pantay na Edukasyon (Coordinator/Educational Equity Officer)**
**Opisina para sa Mga Karapatang Sibil ng Estudyante (Office of Student Civil Rights); (213) 241-7682; EquityCompliance@lausd.net**
**Kenneth Arrington, Titulo II/Administrador para sa Pagsunod sa ADA (ADA Compliance Administrator)**
**Opisina para sa Pagsunod sa ADA (Office of ADA Compliance); (213) 241-4530; ADA-info@lausd.net**

---

**Para sa mga katanungan o reklamong may kaugnayan sa diskriminasyon, panggigipit o panliligalig (harassment), abusadong pag-uugali, o pananakot na kaugnay ng empleyado-sa-empleyado, estudyante-sa-empleyado, o gawain/trabaho , makipag-ugnayan sa administrador ng iyong paaralan o sa:**

**Seksyon para sa Pantay na Oportunidad (Equal Opportunity Section); (213) 241-7685**

**Matatagpuan ang lahat ng opisina sa:**
**Los Angeles Unified School District**
**333 South Beaudry Avenue**
**Los Angeles, California 90017**

MEM-5818.13
Office of the General Counsel